COMMUNITY MEDICAL CENTERS

## Buod ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal

**Maaaring kwalipikado ka para sa Tulong Pinansiyal.**

Ang Community Medical Centers ("CMC") ay may Patakaran sa Tulong Pinansiyal kung saan nagbibigay ito ng tulong pinansiyal (pangkawanggawang pangangalaga) sa mga kwalipikadong pasyenteng walang insurance at kwalipikadong pasyenteng may insurance na may malalaking medikal na gastusin.

Maaari kang maging kwalipikado kung wala kang insurance at ang kita ng iyong pamilya ay mas mababa sa 450% ng Pederal na Antas ng Kahirapan para sa laki ng iyong pamilya (tingnan ang talahanayan), o kung may insurance ka at ang kita ng iyong pamilya ay mas mababa sa 400% ng Pederal na Antas ng Kahirapan para sa laki ng iyong pamilya at may mga medikal na gastusin ka na lumagpas sa 10% ng iyong taunang kita. Kahit na hindi mo natutugunan ang mga kinakailangan sa kita na ito, maaari ka pa ring maging kwalipikado para sa tulong pinansiyal sa iyong bayarin sa ospital.

| Kita ng pamilya na mas mababa sa 450% ng Pederal na Antas ng Kahirapan (2022) | | |
|---|---|---|
| Laki ng Pamilya | Kada Buwan | Kada Taon |
| 1 | $5,096 | $61,155 |
| 2 | $6,866 | $82,395 |
| 3 | $8,636 | $103,635 |
| 4 | $10,406 | $124,875 |
| 5 | $12,176 | $146,115 |
| 6 | $13,946 | $167,355 |
| 7 | $15,716 | $188,595 |
| 8 | $17,486 | $209,835 |

**Anong Tulong Pinansiyal ang mayroon?**

Kung isa kang kwalipikadong pasyente, maaaring kwalipikado ka para sa ganap o bahagyang pag-alis ng iyong medikal na bayarin para sa pang-emergency na pangangalaga at iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga sa CMC. Kung kwalipikado ka para sa Tulong Pinansiyal, hindi ka namin maaaring singilin ng higit pa sa mga halagang sinisingil sa pangkalahatan sa mga indibidwal na may pagsaklaw ng insurance para sa mga serbisyong iyon.

**Paano ako mag-a-apply?**

Hinihikayat namin ang aming mga pasyenteng hindi makabayad ng kanilang bill na mag-apply para sa tulong. Available ang Patakaran sa Tulong Pinansiyal at form para sa aplikasyon nang walang bayad sa aming website (https://www.communitymedical.org/for-patients-families/billing-and-insurance/Discounts-Charity-Care), o sa pamamagitan ng pagtawag sa departamento ng Mga Pinansiyal na Serbisyo para sa Pasyente sa (559) 459-3939. Available din ang form na ito nang walang bayad sa Mga Departamento sa Pag-admit ng CMC, na matatagpuan sa:

- Community Regional Medical Center (559) 459-6000 — 2823 Fresno Street, Fresno, CA 93721
- Clovis Community Medical Center (559) 324-4000 — 2755 Herndon Avenue, Clovis, CA 93611
- Fresno Heart and Surgical Hospital (559) 433-8000 — 15 E. Audubon Drive, Fresno, CA 93720

Kung may mga tanong ka tungkol sa kwalipikasyon o kailangan mo ng tulong sa iyong aplikasyon, makakakuha ka ng tulong sa pamamagitan ng pagtawag o pagbisita sa mga numero at address sa itaas. Maaari mo ring i-access ang Health Consumer Alliance (https://healthconsumer.org) para sa higit pang impormasyon tungkol sa tulong pinansiyal. Mayroon ding iba pang organisasyong makakatulong sa iyo na maunawaan ang proseso ng pagsingil at pagbabayad. Para sa listahan ng mga karaniwang singil ng CMC, mangyaring bisitahin ang aming website (https://www.communitymedical.org/for-patients-families/billing-insurance/hospital-standard-charges-(1) Panghuli, nakikilahok ang CMC sa Programang Hospital Presumptive Eligibility (Ipinagpapalagay na Kwalipikasyon sa Ospital, HPE). Mangyaring magtanong sa Mga Pinansiyal na Serbisyo para sa Pasyente para sa higit pang impormasyon sa Programang HPE.

Punan ang Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal at isumite ito, kasama ang mga kinakailangang dokumento, sa **Community Medical Centers, Patient Financial Services, P.O. Box 1232, Fresno, CA 93715**, sa lalong madaling panahon pagkatapos makatanggap ng paggamot. Maaaring tanggihan ang mga aplikasyong natanggap pagkalipas ng 240 araw mula sa petsa ng pahayag sa pagsingil pagkatapos ma-discharge.

Ito ay isang buod ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal. Dapat kang sumangguni sa Patakaran para sa mga partikular na tanong.

Ang Patakaran sa Tulong Pinansiyal, form para sa aplikasyon, at ang buod na ito ay available din sa mga sumusunod na wika: Arabic, Armenian, Chinese, Farsi, French, German, Hindi, Hmong, Italian, Japanese, Korean, Laotian, Mon-Khmer (Cambodian), Portuguese, Punjabi, Russian, Espanyol, Tagalog, Thai at Vietnamese.